



Ulat sa Kalidad ng Tubig para sa 2023

Este documento está disponible en español en nuestro sitio: www.cityofamericancanyon.org/waterquality

Available ang dokumentong ito sa Tagalog sa aming website sa: www.cityofamericancanyon.org/waterquality

Nagagalak ang Lungsod ng American Canyon na i bahagi ang Taunang Ulat sa Kalidad ng Tubig para sa 2023. Idinisenyo ang ulat na ito para ipagbigay-alam sa inyo ang tungkol sa kalidad ng tubig at mga serbisyong aming inihahatid sa inyo araw-araw. Layunin naming magbigay ng ligtas at maaasahang mapagkukunan ng inuming tubig. Nakatuon kami sa pagtiyak ng kalidad ng inyong tubig at gusto naming malaman ng aming mga pinahahalagahang customer ang tungkol sa kanilang sistema ng tubig. **Ipinagmamalaki naming iulat na ang inyong inuming tubig ay nakakatugon o lumalampas sa lahat ng pederal at pang-estadong pamantayan ng inuming tubig.**

Kung may mga tanong kayo tungkol sa ulat na ito o sa kalidad ng tubig ninyo, mangyaring makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng Mga Sistema ng Tubig (Water Systems Manager) sa (707) 258-1269. Para sa mga emergency pagkatapos ng karaniwang oras ng tanggapan o mga araw ng Sabado at Linggo o mga pista opisyal, maaaring tawagan ang serbisyo ng pagsagot ng Lungsod ng American Canyon sa (707) 995-8674. Para matuto nang higit pa, dumalo sa anumang regular na nakaiskedyul na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, na ginaganap sa una at ikatlong Martes ng bawat buwan nang 6:30 PM sa Mga Kamara ng Konseho ng Munisipyo ng American Canyon sa 4381 Broadway, Suite 201. <https://www.cityofamericancanyon.org/>

Impormasyon sa Pinagmumulan ng Tubig

Saan nanggagaling ang tubig ko?

Nilinis ng Lungsod ng American Canyon ang 2,477 acre feet ng tubig noong 2023 (katumbas ng isang acre foot ng tubig ang 325,829 na galon). Natatanggap ng lungsod ang pinagmumulan ng tubig nito mula sa Pang-estadong Proyekto sa Tubig (State Water Project, SWP) sa pamamagitan ng North Bay Aqueduct (NBA). Ang tubig ng NBA ay pang-ibabaw na pinagkukunan at nanggagaling sa Barker Slough.

May kasunduan ang lungsod sa Lungsod ng Vallejo na bumili ng nilinis na tubig sa pamamagitan ng koneksyong matatagpuan sa Flosden Road. Makapagbibigay ang koneksyong ito ng hanggang sa 56 na milyong galon bawat buwan ng suplementong nilinis na tubig para sa lungsod. May koneksyon din ng nilinis na tubig ang lungsod sa Lungsod ng Napa.

Impormasyon sa Sistema

Paano nililinis ang tubig ko?

Ang Planta sa Paglinis ng Tubig (Water Treatment Plant) ng American Canyon ay binubuo ng dalawang planta, isang kumbensiyonal na planta na gumagamit ng mga coagulant (na nagdudulot sa mga nakalutang na pinong partikula na magkumpol -kumpol) na sinusundan ng sedimentation at pagsasala, at ang membrane plant na gumagamit ng mga membrane na may maliliit na butas na angkop ang liit para salain palabas ang mga kontaminante, kabilang ang mga mikroorganismo. Dinidismpekta ang nasalang tubig gamit ang chlorine at isinasaayos ang pH bago ang distribusyon. Ang mga prosesong ito ay patuloy na binabantayan at isinasaayos ng mga operator na sertipikado ng Lupon ng Pagkontrol sa Mapagkukunang Tubig ng Estado (State Water Resource Control Board) para sa pinakamahusay na pagsasagawa.

Para sa higit na impormasyon sa inuming tubig at sa mga propesyonal na naghahatid nito, bisitahin ang www.drinktap.org. Idinisenyo ang site na ito para maging mapagkukunan para sa pangkalahatang publiko, para matuto nang higit pa tungkol sa kanilang inuming tubig at para ipagbigay-alam sa mga consumer ang tungkol sa iba't ibang isyung may kinalaman sa tubig, kabilang ang mga artikulong idinisenyo para ilarawan ang mga komplikadong isyu sa tubig sa madaling maunawaan na format.

Nagdaragdag ba ang lungsod ng fluoride sa tubig?

Hindi nagdaragdag ang Lungsod ng American Canyon ng fluoride sa tubig. Gayunman, ginagawa ito ng Lungsod ng Vallejo, at dahil idinaragdag minsan ang tubig mula sa Vallejo sa sistema sa mga buwan ng tag-init kung kailan mataas ang pangangailangan, maaaring makakita ng kakaunting dami ng fluoride.

Mga Pamantayan sa Pagsunod

Ligtas ba ang tubig ko?

Para matiyak na ligtas na inumin ang tubig mula sa gripo, nagtatakda ang Ahensya sa Proteksyon ng Kapaligiran ng Estados Unid os (US Environmental Protection Agency, USEPA) at ang Dibisyon sa Inuming Tubig ng Lupon ng Pagkontrol sa Mapagkukunang Tubig ng Estado (State Water Resource Control Board Division of Drinking Water, SWRCBDDW) ng mga regulasyong naglilimita sa dami ng ilang partikular na kontaminante sa tubig na inilalaan ng mga pampublikong sistema ng tubig. Nagtatakda rin ang mga regulasyon ng departamento ng mga limitasyon para sa mga kontaminante sa de-boteng tubig na dapat magbigay ng parehong proteksyon para sa pampublikong kalusugan.

Ipinapahiwatig ng mga resulta ng lahat ng kinakailangang pagsusuri na naaabot ng inyong inuming tubig ang lahat ng pangunahing pamantayan sa inuming tubig, na itinatakda ng pederal na Batas sa Ligtas na Inuming Tubig (Safe Drinking Water Act), at SWRCBDDW. Bilang karagdagan sa kinakailangang pagsusuri, isinagawa ang karagdagang pagbabantay para sa mga hindi reguladong organikong kemikal kung saan wala pang naitatkdang pamantayan ang USEPA at SWRCBDDW. **Ang lahat ng resulta ay nasa ibaba ng mga limitasyon ng pagtuklas maliban kung iba ang binanggit.**

Pagtatasa ng Pagkamalamang na Mapinsala

Ano ang nakakaapekto sa kalidad ng tubig?

Ang pinagmumulan ng tubig na nilinis ng lungsod ay mula sa Pang-estadong Proyekto sa Tubig (SWP) sa pamamagitan ng North Bay Aqueduct (NBA). Ang tubig ng NBA ay pang-ibabaw na pinagkukunan at nanggagaling sa Barker Slough. Mataatagpuan ang Nangangailangan ng Pagtatasa ang Inuming Tubig sa 2023 ng Lupon ng Pagkontrol sa Mapagkukunang Tubig ng Estado (State Water Resources Control Board, SWRCB) sa <https://www.waterboards.ca.gov/> o SWRCBDDW Santa Rosa District Office, 50 D Street, Suite 200, Santa Rosa, CA 95404, o maaari kayong tumawag sa SWRCB sa (707) 576-2145.

Impormasyon sa Kontaminante ng Nilinis na Tubig

Regular na binabantayan ng Lungsod ng American Canyon kung may mga kontaminante sa inyong inuming tubig alinsunod sa mga pederal at pang-estadong batas. Ipinapakita ng mga sumusunod na talahanayan ang mga resulta ng aming pinakabagong pagbabantay para sa panahon ng Enero 1, 2023 hanggang Disyembre 31, 2023, maliban kung iba ang binanggit.

Maaaring makatuwirang asahan na ang lahat ng inuming tubig, kabilang ang de-boteng tubig, ay naglalaman ng kahit kaunting dami ng ilang kontaminante. Hindi tiyak na nangangahulugan na ang presensya ng mga kontaminante sa tubig ay may bantang panganib sa kalusugan. Maaaring makakuha ng higit na impormasyon tungkol sa mga kontaminante at potensyal na epekto sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa Hotline para sa Ligtas na Inuming Tubig (Safe Drinking Water Hotline) ng EPA sa 1-800-426-4791.

Mga Sensitibong Populasyon

Maaaring mas malamang na mapipinsala ang ilang tao sa mga kontaminante sa inuming tubig kaysa sa pangkalahatang populasyon. Ang mga taong may mababang antas ng proteksyon laban sa sakit tulad ng mga taong may kanser na sumasailalim sa chemotherapy, mga taong sumailalim sa pag-transplant ng bahagi ng katawan, mga taong may HIV/AIDS or iba pang karamdaman sa immune system, ilang matatanda, at mga sanggol ay maaaring maging lubusang nanganganib na magkaroon ng mga impeksyon. Kailangang humingi ang mga taong ito ng payo tungkol sa inuming tubig mula sa kanilang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Available ang mga alituntunin ng USEPA/CDC sa mga naaangkop na paraan para mabawasan ang panganib ng impeksyong dulot ng Cryptosporidium at iba pang mikrobyong kontaminante mula sa Hotline para sa Ligtas na Inuming Tubig sa 1-800-426-4791.

Mga Tip sa Pagtitipid ng Tubig para sa Mga Consumer

Alam mo bang ang karaniwang sambahayan sa U.S. ay gumagamit ng humigit-kumulang 400 galon ng tubig bawat araw o 100 galon bawat tao bawat araw? Maaaring makagawa ng malaking pagkakaiba ang maliliit na pagbabago - subukan ang isa ngayon at makakasayan kaagad ito. Para sa karagdagang impormasyon bumisita sa www.epa.gov/watersense. Mag-shower nang mabilis - gumagamit ang 5 minutong pag-shower ng 4 hanggang 5 galon ng tubig kumpara sa hanggang 50 galon para sa pagligo o mas mahabang pag-shower. Gumamit ng matipid sa tubig na showerhead para makatipid kayo ng hanggang 750 galon bawat buwan. Patayin ang tubig habang nagsisipilyo, naghuhugas ng buhok, at nag-aahit para makatipid ng hanggang 500 galon bawat buwan. Ayusin ang mga tumutulog palikuran at gripo. Bisitahin ang www.cityofamcan.org/water para samantalahin ang programa ng rebate sa banyo ng lungsod. Palitan ang inyong uhaw na damuhan ng drought tolerant landscaping. Bisitahin ang www.cityofamcan.org/water para samantalahin ang programa ng rebate para sa pagpapalit ng turf ng lungsod.

Mga Resulta ng Pagsusuri

Binabantayan ang aming tubig para sa maraming uri ng mga substance sa regular na iskedyul, at dapat na nakakatugon ang tubig na aming inihahatid sa mga partikular na pamantayan sa kalusugan. Tandaang kapag may natuklasang substance, hindi nangangahulugan na ang tubig ay hindi ligtas na inumin; ang aming layunin ay panatili hing mababa ang lahat ng natuklasan sa kani-kanilang pinakamataas na pinapayagang antas. **Natugunan ng inyong inuming tubig ang lahat ng pamantayan ng USEPA at SWRCBDDW noong 2023.** Binubuod ng mga talahanayan sa ibaba ang mga resulta ng pagsusuri sa panahon ng Enero 1, 2023 hanggang Disyembre 31, 2023.

Nilinis na Tubig						
Pangunahing Substance						
Substance	Mga Unit	MCL	PHG/MCLG	Average (mga resulta ng lungsod)	Saklaw	Saklaw ng Mga Pinagmumulan ng Kontaminante
Barium	ppm	2	2	ND	ND	Paglabas ng dumi sa pagbabarena; mga refinery ng metal; pagkaagnas ng mga likas na deposito
Nitrate	ppm	10	10	ND	ND-.4	Dumi ng nagmumula sa mga pagawaan ng bakal at pulp (materyal sa paggawa ng papel) at pagtubog ng chromium; pagkaagnas ng mga likas na deposito

Sekondaryang Substance						
Substance	Mga Unit	SMCL	PHG/MCLG	Average (mga resulta ng lungsod)	Saklaw	Mga Pinagmumulan ng Kontaminante
Aluminum	ppm	.6	1	ND	ND-.09	Pagkaagnas ng mga likas na deposito; Tira mula sa paggamot sa ibabaw ng tubig
Fluoride	ppm	2	1	.15	ND-.19	Pagkaagnas ng mga likas na deposito
Manganese	ppb	.05	N/A	ND	ND	Pagkaagnas ng mga likas na deposito
Sulfate	ppm	500	N/A	18.8	9.3-45	Pagsaid/pagkakata nggal mula sa mga likas na deposito; mga pang-industriyang dumi
Kabuuang Natunaw na Mga Solido	ppm	1000	N/A	195	140-250	Pagsaid/pagkakata nggal mula sa mga likas na deposito
Partikular na Kakayahang Magpadaloy ng Kuryente	uS/cm	1600	N/A	226	125-363	Mga substance na bumubuo sa mga ion sa tubig; impluwensya ng tubig-dagat

Hindi Reguladong Substance						
Substance	Mga Unit	MCLG	Average (mga resulta ng lungsod)	Saklaw	Mga Pinagmumulan ng Kontaminante	
Sodium	ppm	N/A	19	10-35	Karaniwang natatagpuan sa tubig sa ibabaw at ilalim ng lupa	
Katigasan, Kabuuan (CaCO ₃)	ppm	N/A	92	60-188		

Hindi Reguladong Panuntunan sa Pagbabantay sa Kontaminasyon ng USEPA						
Substance	Mga Unit	MRL	Average (mga resulta ng lungsod)	Saklaw	Mga Pinagmumulan ng Kontaminante	
Lithium	ppm	.01	ND	ND	Mga ginawang kemikal na ginagamit sa industriya at mga produktong pangkonsumo	

Performance ng Pagsasala (Turbidity-ang Karaniwang Pagsukat ng Kalinawan ng Tubig)						
Substance (Unit ng Pagsukat)	MCL (MRDL)	PHG (MCLG) (MRDLG)	Natukoy na Dami	Sumusunod (mga resulta ng lungsod)	Mga Pinagmumulan ng Kontaminante	
Sukat ng Pagkalabo ng Tubig	TT	NA	3.00	Oo	Pagsaid ng lupa	
Sukat ng Pagkalabo ng Tubig	TT = 95% ng mga sample ay dapat na <0.3NTU	NA	95.0	Oo	Pagsaid ng lupa	

Mga Mikrobyong Substance							
Substance	MCL	MCLG	Kabuuang Sample	Kabuuang Positibo	Saklaw	Sumusunod (mga resulta ng lungsod)	Mga Pinagmumulan ng Kontaminante
Kabuuang Bakteryang Coliform	1 positibong sample/buwan	0	269	3	NA	OO	Likas na nasa kapaligiran

Mga Tirang Pandisimpekta, Byproduct ng Pandisimpekta, at Precursor (Panimula) ng Byproduct ng Pandisimpekta						
Mga Trihalomethane (THM) at Haloacetic Acid (HAA): Regular na Pagkuha ng Sample para sa Regulasyon						
<i>Substance</i>	<i>Mga Unit</i>	<i>MCL</i>	<i>PHG/MCLG</i>	<i>Pinakamataas na Taunang Running Average (mga resulta ng lungsod)</i>	<i>Saklaw</i>	<i>Mga Pinagmumulan ng Kontaminante</i>
Mga THM	ppb	80	N/A	62.3	ND - 62.3	Mga byproduct ng paglalagay ng chlorine sa inuming tubig
Mga HAA	ppb	60	N/A	40.8	ND - 40.8	

Mga Tirang Chlorine						
<i>Substance</i>	<i>Mga Unit</i>	<i>MRDL</i>	<i>MRDLG</i>	<i>Average (mga resulta ng lungsod)</i>	<i>Saklaw</i>	<i>Mga Pinagmumulan ng Kontaminante</i>
Chlorine	ppm	4.0	4.0	1.36	.36 - 2.10	Idi naragdag na pandisimpekta ng inuming tubig para sa paglilinis

Kabuuang Organikong Carbon						
<i>Substance</i>	<i>Pagsunod</i>	<i>MCL</i>	<i>PHG/MCLG</i>	<i>Average na Ratio (mga resulta ng lungsod)</i>	<i>Saklaw ng Ratio</i>	<i>Mga Pinagmumulan ng Kontaminante</i>
TOC	Ang Ratio ng Pag-alis ay dapat >1	TT	N/A	1.98	1.16-3.42	Iba't ibang likas na pinagmumulan at pinagmumulan na gawa ng tao

Lead at Copper						
<i>Substance</i>	<i>Mga Unit</i>	<i>AL</i>	<i>PHG</i>	<i>Natukoy na Antas sa ika-90 Bahagdan</i>	<i>Mga Pinagmumulan ng Kontaminante</i>	
Lead	ppb	15	2	ND	Pagkaagnas ng mga tubo; pagkaagnas ng mga likas na deposito	
Copper	ppb	1300	170	100		

Tandaan: Nagsagawa ng pagsusuri ng Lead at Copper sa higit 30 tirahan noong 2021.

Impormasyon sa Kontaminante sa Pinagmumulang Tubig

Mga kontaminanteng mikrobyo, tulad ng mga virus at bakteryang na maaaring manggaling sa mga planta ng paglilinis ng maruming tubig sa alkantarila, sistema ng poso-negro, gawain sa pangangalaga sa hayop para sa agrikultura, at mailap na hayop at halaman. Kinakailangan ang pagbabantay para sa mga kontaminanteng bakteryang sa sistema ng distribusyon ng nilinis na tubig para matukoy ang presensya ng mga kontaminanteng mikrobyo tulad ng mga coliform, coliform mula sa dumi, o *E. coli*.

Pag-unawa sa Mga Resulta ng Bakteryang Coliform:

Ang mga coliform ay bakteryang hindi nakakapinsala at likas na nasa kapaligiran. Maaaring magresulta ang mga positibong sample dahil sa hindi wastong pagsusuri ng sample sa laboratoryo, hindi tamang pagkolekta ng sample, bagong konstruksyon, pagkukumpuni at o biyolohikal na aktibidad na nagaganap sa mga kagamitan at tubo. Nagtatakda ang Binagong Tuntunin sa Kabuuang Coliform (Revised Total Coliform Rule, RTCR) ng pinakamataas na antas ng kontaminante (maximum contaminant level, MCL). Kinakailangan ito ng mga pampublikong sistema ng tubig (public water system, PWS) para masuri ang mga depekto sa kalinisan sa tubig at maiwasto ang mga ito. Dapat kolektahin ng PWS ang mga kabuuang sample ng coliform sa mga site na kumakatawan sa kalidad ng tubig sa buong sistema ng distribusyon. Kung ang anumang karaniwang sample ay TC+, kinakailangan ang mga umuulit na sample. Sa loob ng 24 na oras ng pag-alam ng karaniwang resulta ng sample na TC+, hindi bababa sa 3 umuulit na sample ang dapat makolekta at masuri para sa kabuuang coliform. Kung ang anumang umuulit na sample na TC+ ay EC+ din, dapat iulat ang resulta ng sample na EC+ sa estado sa pagtatapos ng araw kung kailan inabisuhan ang PWS. Dapat mangolekta ang PWS ng isa pang hanay ng mga umuulit na sample, kung ang anumang sample ay TC+ at o EC+, ipinaalam ng PWS sa estado at mga consumer.

Mga hindi organikong kontaminante, tulad ng mga asin at metal, na maaaring likas na nabubuo o bunga ng pagsaid ng tubig-ulan sa kalunsuran, duming tubig na dumadaloy mula sa mga industriya o tirahan, produksyon ng langis at gas, pagmimina, o pagsasaka.

Mga pestisidyo at pamatay damo, na maaaring manggaling sa iba't ibang pinagmulan tulad ng agrikultura, pagsaid ng tubig-ulan sa kalunsuran, at mga paggamit sa tirahan.

Mga organikong kemikal na kontaminante, kabilang ang mga sintetiko at madaling sumingaw na organikong kemikal, na mga byproduct ng mga pang-industriyang proseso at produksyon ng petrolyo, at maaari ding manggaling sa mga gasolinahan, pagsaid ng tubig-ulan sa kalunsuran, paggamit sa agrikultura, at mga sistema ng poso-negro.

Mga radioactive na kontaminante, na maaaring likas na nabubuo o bunga ng produksyon ng langis at gaas at mga aktibidad sa pagmimina.

Cryptosporidium / Giardia: Mga mikrobyong pathogen na matatagpuan sa pang-ibabaw na tubig sa buong Estados Unidos. Bagama't inaalalis ng pagsasala ang Cryptosporidium at Giardia, hindi magagarantiya ng mga karaniwang ginagamit na paraan sa pagsasala a ng 100% pagkakatanggal. Ipinapakita ng aming pagbabantay ang presensya ng mga organismoning ito sa aming pinagkukunan ng tubig. Hindi namin natutukoy gamit ang mga kasalukuyang paraan ng pagsusuri kung patay na ang mga organismo at kung may kakayahan ang mga itong magdulot ng sakit. Maaaring maging sanhi ng cryptosporidiosis, isang impeksyon sa tiyan ang pagkagalulon ng Cryptosporidium. Kabilang sa mga sintomas ng impeksyon ang pagduduwal, pagdudumi, at pamumulikat ng tiyan. Maaaring gumaling sa sakit ang karamihan ng malulusog na indibidwal sa loob ng ilang linggo. Gayunman, ang mga taong may mababang antas ng proteksyon laban sa sakit ay mas nanganganib na magkaroon ng sakit na nagbabanta sa buhay. Hinihikayat namin ang mga indibidwal na may mababang antas ng proteksyon laban sa sakit na magpakonsulta sa kanilang doktor ukol sa mga angkop na paunang pag-iingat na kailangang gawin para maiwasan ang impeksyon. Nagdudulot ng sakit ang cryptosporidium kapag nalulun ito, at maaaring kumalat ito sa iba pang paraan bukod sa pag-inom ng tubig.

PFAS (mga polyfluoroalkyl na substance): Mga ginawang kemikal na ginagamit sa industriya at mga produktong pangkonsumo simula noong 1950s. Mayroong libu-libong iba't ibang PFAS, mas malawakang ginagamit at pinag-aralan ang ilan sa mga ito kaysa sa iba. Patuloy ang pananaliksik para matukoy kung paano maaaring humantong sa iba't ibang epekto sa kalusugan ang pagkagalantad sa iba't ibang PFAS. Kung mayroon kayong mga tanong o alalahanin tungkol sa mga produktong ginagamit ninyo sa inyong tahanan, makipag-ugnayan sa Komisyon para sa Kaligtasan ng Produkto ng Consumer (Consumer Product Safety Commission) sa (800) 638-2772. Para sa mas detalyadong talakayan tungkol sa PFAS, mangyaring bisitahin ang <http://bit.ly/3Z5AMm8>.

Mga Trihalomethane (THM) at Haloacetic Acid (HAA): Maaaring makaranas ang ilang taong umiinom ng tubig na naglalaman ng mga THM at HAA na lampas sa MCL pagkalipas ng maraming taon ng mga problema sa atay, bato, o central nervous system at maaaring may mas mataas na panganib na magkaroon ng kanser.

Lead at Copper: Kung mayroon, maaaring magdulot ng malulubhang problema sa kalusugan ang mataas na antas ng lead, lalo na para sa mga buntis at maliliit na bata. Pangunahing nagmumula ang lead sa inuming tubig sa mga materyales at sangkap na nauugnaysa mga linya ng serbisyo at pagtutubero sa bahay. Ang Lungsod ng American Canyon ay may pananagutan sa pagbibigay ng mataas na kalidad na inuming tubig ngunit hindi makokontrol ang iba't ibang materyales na ginagamit sa mga bahagi ng pagtutubero. Kapag hindi naga mit ang inyong tubig sa loob ng ilang oras, maaari ninyong bawasan ang potensyal para sa pagkagalantad sa lead sa pamamagitan ng pag-flush ng inyong gripo sa loob ng 30 segundo hanggang 2 minuto bago gamitin ang tubig para sa inumin o pagluluto. Kung gagawin ninyo ito, maaari ninyong kolektahin ang na-flush na tubig at muling gamitin ito para sa isa pang kapaki-pakinabang na gawain, tulad ng pagdidilig ng mga halaman. Kung nag-aalala kayo tungkol sa lead sa inyong tubig, maaari ninyong hilingin na ipasuri ang inyong tubig. Available ang impormasyon tungkol sa lead sa inuming tubig, mga paraan ng pagsusuri, at mga hakbang na maaari ninyong gawin para mabawasan ang pagkagalantad mula sa Hotline para sa Ligtas na Inuming Tubig (1-800-426-4791) o sa <http://www.epa.gov/lead>.

Mahahalagang Pagpapakahulugan

Pinakamataas na Antas ng Kontaminante (Maximum Contaminant Level, MCL): Ang pinakamataas na antas ng kontaminante na pinapahintulutan sa inuming tubig. Itinatakda ang Mga Pangunahing MCL sa pinakamalapit sa Mga PHG at MCLG hanggang posible ayon sa aspektong ekonomikal o teknikal. Itinatakda ang mga sekondaryang pinakamataas na antas ng kontaminante (secondary maximum contaminant level, SMCL) para protektahan ang amoy, lasa, at hitsura ng inuming tubig.

Layunin sa Pinakamataas na Antas ng Kontaminante (Maximum Contaminant Level Goal, MCLG): Ang antas ng kontaminante sa inuming tubig, na kung saan ang antas na mas mababa dito ay walang natukoy o inaasahang panganib sa kalusugan. Itinatakda ang Mga MCLG ng Ahensya sa Proteksyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos (US Environmental Protection Agency).

Layunin sa Pamublikong Kalusugan (Public Health Goal, PHG): Ang antas ng kontaminante sa inuming tubig, na kung saan ang antas na mas mababa dito ay walang kilala o inaasahang panganib sa kalusugan. Itinatakda ang Mga PHG ng Ahensya sa Proteksyon ng Kapaligiran ng California (California Environmental Protection Agency).

Antas na Nangangailangan ng Aksiyon (Action Level, AL): Ang konsentrasyon ng kontaminante kung saan, kung lalampas, ay magpapasimula ng paggamot o iba pang kinakailangang dapat sundin ng sistema ng inuming tubig.

Paraan ng Paggamot (Treatment Technique, TT): Kinakailangang proseso na inilaan para mabawasan ang antas ng kontaminante sa inuming tubig.

Pangunahing Pamantayan ng Inuming Tubig (Primary Drinking Water Standard, PDWS): Ang Mga MCL at MRDL para sa mga kontaminanteng nakakaapekto sa kalusugan kasama ang kanilang mga kinakailangan sa pagbabantay at pag-uulat, at mga kinakailangan sa paglilinis ng tubig.

Pinakamataas na Antas ng Natitirang Pandisimpekta (Maximum Residual Disinfectant Level, MRDL): Ang antas ng pandisimpektang idinaragdag para sa paggamot ng tubig na hindi maaaring lumampas sa gripo ng consumer.

Layunin ng Pinakamataas na Antas ng Natitirang Pandisimpekta (Maximum Residual Disinfectant Level Goal, MRDLG): Ang antas ng pandisimpektang idinaragdag para sa paggamot ng tubig na nasa ibaba kung saan walang kilala o inaasahang panganib sa kalusugan. Itinatakda ang Mga MRDLG ng USEPA.

Mga Acronym

ND	Walang Natukoy (None Detected)	USEPA	Ahensya sa Proteksyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos (US Environmental Protection Agency)
NS	Walang Pamantayan (No Standard)		
NA	Hindi Nasuri (Not Analyzed)	CDPH	Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health)
N/A	Hindi Naaangkop (Not Applicable)		
ppm	mga bahagi bawat milyon (parts per million)	NBA	North Bay Aqueduct
ppb	mga bahagi bawat bilyon (parts per bilyon)	SWP	Pang-estadong Proyekto sa Tubig
uS/cm	microsiemens bawat sentimetro (microsiemens per centimeter)		DBP Mga Byproduct ng Pandisimpekta (Disinfection Byproducts)
NL	Antas ng Abiso (Notification Level)	TOC	Kabuuang Organikong Carbon (Total Organic Carbon)
DDW	Mga Dibisyon ng Inuming Tubig (Divisions of Drinking Water)	THM	Mga Trihalomethane (Trihalomethanes)
			HAA Mga Haloacetic Acid
			MRL Pinakamababang Antas ng Pag-uulat (Minimum Reporting Level)

Mga Halimbawa para sa Mga Layunin ng Paghahambing

Isang bahagi bawat isang milyon:	Isang bahagi bawat isang bilyon:
Isang minuto sa dalawang taon	Isang minuto sa dalawang libong taon
Kalahating aspirin na tinunaw sa banyera ng tubig	Isang aspirin na tinunaw sa pang-Olympic na swimming pool
Isang penny sa \$10,000	Isang penny sa \$10,000,000

Ipinagmamalaki naming iulat na ang inyong inuming tubig ay nakakatugon o lumalampas sa lahat ng pederal at pang-estadong pamantayan ng inuming tubig. Kung kayo ay may mga alalahanin o nangangailangan ng karagdagan impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin. Nakatuon kami sa pagbibigay sa inyo ng ligtas, mataas na kalidad na mga serbisyo ng tubig at narito kami para tugunan ang anumang tanong o alalahanin na maaaring mayroon kayo tungkol sa inyong supply ng tubig.

Makipag-ugnayan sa:

Tagapamahala ng Sistema ng Tubig ng Lungsod ng American Canyon - (707) 258-1269. Para sa mga emergency pagkatapos ng karaniwang oras ng tanggapan o mga araw ng Sabado at Linggo o mga pista opisyal, maaaring tawagan ang serbisyo ng pagsagot ng Lungsod ng American Canyon sa (707) 995-8674.